# No. 22922

## PHILIPPINES
## and
## GABON

## General Accord of co-operation. Signed at Manila on 11 July 1976

*Authentic texts: Pilipino, French and English.*
*Registered by the Philippines on 29 May 1984.*

## PHILIPPINES
## et
## GABON

## Accord général de coopération. Signé à Manille le 11 juillet 1976

*Textes authentiques : pilipino, français et anglais.*
*Enregistré par les Philippines le 29 mai 1984.*

[PILIPINO TEXT — TEXTE PILIPINO]

# PANGKALAHATANG KASUNDUAN SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA PAGITAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT NG REPUBLIKANG GABONES

Ang Republika ng Pilipinas sa isang panig

Ang Republikang Gabones sa kabilang panig na tatawagin mula ngayon na Ang Mataas na Nagkakasundong mga Panig,

Sa pananalig na kailangan ang pagtutulungan ng mga bansang nagnanais ng katiwasayan, na walang itatanging lahi, relihiyon o mga sistemang politikal o pangkalinangan, upang makatulong sa katiwasayan, katatagan at pagkakasundo sa daigdig;

Bunsod ng pagnanais na patibayin ang bigkis ng pagkakaibigan at kapatiran na bumubuklod sa mga mamamayan ng Ikatlong Daigdig sa pangkalahatan at noong mga kasama sa Pangkat ng 77 sa tuwiran;

Sa paghahangad na linangin ang ugnayan sa pagitan ng kani-kanilang bansa batay sa pagkakapantay-pantay, katarungan, pakikipagpakinabangan, walang-pakialaman sa mga suliraning panloob ng bawa't isa, paggalang sa soberanya at kalayaang pambansa ng kanilang panig salig sa diwa at mga simulain ng Karta ng mga Bansang Nagkakaisa;

Batid na kailangang simulan ang mabungang panahon ng pagtutulungan sa iba't ibang larangan sa hangad na lalong pahigpitin ang pagkakabigkis ng dalawa nilang bansa,

Ay pinagkasunduan ang mga sumusunod na Tadhana:

*Artikulo 1.* Ang Mataas na Nagkakasundong mga Panig ay, sa maabot ng kani-kanilang kakayahan at sa diwa ng pagkakaisang pangmagkapatid, ibubunsod at pasisidhiin ang pagkakaisang pangkabuhayan, pangkalinangan, panlipunan, siyentipiko, teknikal at teknolohikal, sa hangad na paunlarin ang kani-kanilang mga bansa.

*Artikulo 2.* Saklaw ng nilalaman ng kasalukuyang Kasunduan, Ang Mataas na Nagkakasundong mga Panig ay magsisikap na bumuo ng mga Kasunduan o mga tuwirang unawaan sa mga larangang tinutukoy sa Artikulo 1.

*Artikulo 3.* Kaugnay nito, ang pagtutulungan ng Mataas na Nagkakasundong mga Panig ay, higit na sasaklaw sa sumusunod:

(*a*) pagtatatag ng mga nababagay na mga kasunduang pangkabuhayan, lalo na sa larangan ng hanapbuhay, batay sa pagpapakinabangan ng bawa't isa;

(*b*) pagtutulungan sa pag-aaral bago mamuhunan upang maturol ang mga larangang tiyak na ang makipagdamayan ay kapwa magiging kapaki-pakinabang sa Mataas na Nagkakasundong mga Panig;

(*k*) pagtutulungan sa larangan ng enerhiya at sa mga proyektong siyentipiko, teknikal at teknolohikal na mangangahulugan ng kapwa pakikinabang ng Mataas na Nagkakasundong mga Panig;

(*d*) pagpapasidhi ng pagpapalitang kultural tungo sa higit na pagkakaunawaan sa pagitan ng mga mamamayan ng Mataas na Nagkakasundong mga Panig.

*Artikulo 4.* Isang Magkasamang Lupon, na bubuuin ng pinunong mga Gabones at Pilipino at pamumunuan ayon sa pagkakasunod ng Ministro ng Suliraning Panlabas ng Republikang Gabones at ng Kalihim ng Suliraning Panlabas ng Republika ng Pilipinas, na mamamahala sa pagsasakatuparan ng kasalukuyang Kasunduan.

Ang Magkasamang Lupon ay saklaw ang mga pulong ng ibang mga Ministro upang mag-aral ng tanging mga bagay na may kaugnayan sa pagtutulungan sa pagitan ng Mataas na Nagkakasundong mga Panig.

Ang Magkasamang Lupon ay magpupulong minsan isang taon, na salisihan sa Pilipinas at sa Gabon. Gayon man, ang mga natatanging sesyon ay maaaring pulungin sa kahilingan ng isa sa mga Nagkakasundong mga Panig.

*Artikulo 5.* Ang Pangkalahatang Kasunduan sa Pakikipagtulungan ay magkakabisa sa oras na malagdaan at maliwanag na matapos ang pagpapatibay. Mamamalaging wlang takdang panahon ang bisa nito hanggang sa ipabatid ng isa sa Mataas na Nagkakasundong mga Panig, sa nakasulat na patalastas anim na buwan bago mangyari ito, na nais na nitong wakasan ang Pangkalahatang Kasunduan.

Isa sa mga Mataas na Nagkakasundong mga Panig ay makahihiling ng pagsususog nang lubusan o ng bahagi ng Pangkalahatang Kasunduan sa Pakikipagtulungan sa ilalim ng mga tadhanang ipinahayag sa sinundang talataan. Ang pinagkasunduang baguhin o susuging seksiyon ay magkakabisa kagyat na pagtibayin ng Mataas na Nagkakasundong mga Panig.

BILANG PAGPAPATIBAY DITO ang Mataas na Nagkakasundong mga Panig ay nilalagdaan ang Pangkalahatang Kasunduan sa Pakikipagtulungan at itinatatak dito ang kanilang mga selyo.

GINAWA sa Maynila, ngayong ikalabing-isang araw ng Hulyo sa taong Isang Libo Siyam na Raan at Pitumpu't Anim na may tatlong kopyang orihinal sa Pilipino, sa Pranses, at sa Ingles.

Para sa Republikang Pilipinas:

[*Signed — Signé*]

FERDINAND E. MARCOS
Pangulo

Para sa Republikang Gabones:

[*Signed — Signé*]

EL HADJI OMAR BONGO
Pangulo